

DIYOSESIS NG SAN PABLO
**DALAW PATRON SA KAPITBAHAYANG
KATOLIKO (DPKK)**



Enero 9, 2022

**DAKILANG KAPISTAHAN NG
PAGBIBINYAG NG PANGINOON (K)**

✠ Sa Ngalan ng Ama...

Pambungad na Panalangin [namumuno]
[tatayo ang lahat]

Diyos naming Ama, pagpalain mo ang aming pamilya na ngayon ay nagtitipon sa iyong Salita. Ang pagdiriwang nawa naming ng Pagbibinyag ng inyong Anak ay magdulot sa amin ng kagustuhang maging malulugod mong mga anak. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon. Amen.

Pagpapahayag ng Mabuting Balita ayon kay San Lucas [3, 15-16. 21-22]

[Lahat:] Papuri sa Iyo, Panginoon.

Noong panahong iyon: Naghahari sa mga tao ang pananabik sa pagdating ng Mesiyas at ang akala ng marami'y si Juan ang kanilang hinihintay. Kaya't sinabi ni Juan sa kanila, "Binibinyagan ko kayo sa tubig, ngunit ang darating na kasunod ko ang magbibinyag sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Siya'y makapangyarihan kaysa sa akin, at ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang panyapak."

Nabinyagan na noon ang lahat ng tao, gayun din si Hesus. Nang siya'y nananalangin, nabuksan ang langit at bumaba sa kanya ang Espiritu Santo sa anyong kalapati. At isang tinig mula sa langit ang nagsabi, "Ikaw ang minamahal kong Anak; lubos kitang kinalulugdan."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon

[Lahat:] Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Pagninilay [maaring umupo]

Ang pagdiriwang ng Binyag ng ating Panginoon ay nagpapaalala sa atin na ang pagsunod sa kalooban ng Ama ay pinakakinalulugdan ng Diyos. Ang buhay ni Kristo ay isang buhay ng pagsunod sa kagustuhan ng Ama at dahil dito ay naibigay sa atin ang kaligtasan mula sa kamatayan.

Likas sa pamilyang Pilipino ang pagpapahalaga sa aspeto ng pagsunod. Ang pagsunod sa kagustuhan o utos ng magulang ay isang uri ng paggalang at pagmamahal sa kanila. Ngunit may pagkakataon na naabuso ang kagustuhang masunod kung kaya't nagkakaroon ng sigalot ang isang pamilya. Dapat matutunan din ng mga magulang ang *makinig* at *makipag-usap* sa kanilang mga anak, katulad ng relasyon ng Diyos Ama sa Kanyang Bugtong na Anak.

Tanong sa Pagninilay [babasahin ng isang kapamilya]

- Paano ko naiituturo ang halaga ng pagsunod sa bawat miyembro ng aking pamilya?
- Bilang magulang, nakikinig ba ako sa hinaing o kagustuhan ng aking asawa o anak? Bilang anak, magaan ba sa loob ang aking pagsunod sa kanilang kagustuhan?

[*Maaaring magkaroon ng pagbabahagi o sharing ang mga kasapi ng pamilya ng kanilang sagot sa isa sa mga tanong*]

Buhay-Katiwala (Stewardship)
[namumuno]

Ang isang katiwala ay sumusunod sa kalooban ng Diyos, katulad ng pagsunod ni Kristo. Kung walang pagsunod, ang katiwala ay hindi nya gagampanan ang kanyang tungkulin. Kung kaya, ang isang mabuting katiwala ay nagsisikap na

maging masunurin at ituro ang ganitong gawi sa iba.

Panalangin ng Pamilya [tatayo ang lahat]

Ating hilingin sa Diyos ang kanyang patnubay at pagmamahal. Sa bawat panalangin ang ating itutugon:

Ama, Gawin mo kaming masunurin

[Unang Kapamilya:]

Nawa ang bawat isa sa amin ay maging buhay na saksi sa makalangit na pagsunod sa kalooban ng Ama katulad ng ginawa ni Hesus. Manalangin tayo:

Ama, Gawin mo kaming masunurin

[Ikalawang Kapamilya:]

Nawa ay maging isang pamilya tayo na bukas sa pakikinig sa bawat isa upang ang pagmamahal at pagkakaisa ay manatili sa ating tahanan. Manalangin tayo:

Ama, Gawin mo kaming masunurin

[Ikatlong Kapamilya:]

Nawa ay magtulungan tayo bilang isang komunidad na turuan ang bawat isa ng kahalagahan ng pagsunod sa kagustuhan ng Ama sa pamamagitan ng pagsunod sa utos at katuruan ng Simbahan. Manalangin tayo:

Ama, Gawin mo kaming masunurin

[Namumuno:]

Sa katahimikan, itaas natin ngayon ang mga intensyon para sa sarili at para sa pamilya [saglit na katahimikan] Manalangin tayo:

Ama, Gawin mo kaming masunurin

[Namumuno:]

Sama-sama natin ngayong dasalin ang panalanging itinuro sa atin ng Panginoon.

[Lahat:] Ama namin...

Pangwakas na Panalangin [Lahat]

Ama ng aming Panginoon, maging tapat mo nawa kaming tagasunod at tagapakinig

sa iyong salita. Pagpalain mo ang aming pamilya at ituro sa amin ang landas ng pagsunod at pakikinig sa bawat isa. Ito ay aming samo at dalangin sa pamamagitan ni Hesus Kristong aming Panginoon. Amen.

✠ Sa Ngalan ng Ama...

Gawain ng Pamilya

Humanap ng isang pagkakataon ang iyong pamilya upang magkaroon ng isang *family meal* at hikayating magbahagi ang mga miyembro (lalo na ang mga anak) ng kanilang mga plano ngayong taong ito.

San Pablo Theological Formation House | MMXXII

DIYOSESIS NG SAN PABLO
**DALAW PATRON SA KAPITBAHAYANG
KATOLIKO (DPKK)**



Enero 16, 2022

**KAPISTAHAN NG PANGINOONG HESUS,
ANG BATANG SANGGOL (STO. NIÑO)
(K)**

✠ Sa Ngalan ng Ama...

Pambungad na Panalangin [namumuno]
[tatayo ang lahat]

Panginoong Diyos na Ama, naging tao ang iyong Anak at pinili ang anyo ng isang sanggol upang ipakita sa amin ang iyong kapayakan. Basbasan mo ang aming pamilya upang kami din ay maging bukal ng iyong grasya at kapayapaan sa pamamagitan ng payak na buhay. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo, Diyos magpasawalang hanggan. Amen.

Pagpapahayag ng Mabuting Balita ayon kay San Lucas [2, 41-52]

[Lahat:] Papuri sa Iyo, Panginoon.

Taun-taon, tuwing Pista ng Paskuwa, ang mga magulang ni Hesus ay pumupunta ng Jerusalem. At nang labindalawang taon na siya, pumaroon sila gaya ng dati nilang ginagawa. Pagkatapos ng pista, sila'y umuwi na. Nagpaiwan si Hesus sa Jerusalem ngunit hindi ito napansin ng kanyang mga magulang. Sa pag-aakala ng isa na si Hesus ay kasama ng isa, nagpatuloy sila sa maghapon paglalakbay. Nang malaman nilang hindi siya kasama, siya'y hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at kakilala. Hindi nila siya matagpuan, kaya't bumalik sila sa Jerusalem upang doon hanapin. At nang ikatlong araw, natagpuan nila si Hesus sa loob ng templo, nakaupong kasama ng mga guro. Nakikinig siya sa

kanila at nagtatanong; at ang lahat ng nakarinig sa kanya ay namangha sa kanyang katalinuhan. Nagtaka rin ang kanyang mga magulang nang siya'y makita. Sinabi ng kanyang ina, "Anak, bakit naman ganyan ang ginawa mo sa amin? Balisang-balisa na kami ng iyong ama sa pag-hahanap sa iyo." Sumagot siya, "Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi ba ninyo alam na ako'y dapat na nasa bahay ng aking Ama?" Ngunit hindi nila naunawaan ang pananalitang ito.

Siya'y umuwing kasama nila sa Nazaret, at naging isang masunuring anak. Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina sa kanyang puso. Patuloy na lumaki si Hesus. Umunlad ang kanyang karunungan at lalong kinalugdan ng Diyos at ng mga tao.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon
[Lahat:] Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Pagninilay [maaring umupo]

Kinahiligan na ng mga Pilipino na kagiliwan ang isang bata. Saya ang dulot ng presensya ng isang bata sa isang pamilya at marami ay itinuturing ang isang bata bilang isang biyaya. Kaya't gayon na lamang ang relasyon ng Pilipino sa Sto. Niño dahil nakikita nila rito ang saya at biyayang dulot ng isang bata.

Ngayong linggong ito, ituturo sa atin ng kapistahan ng Sto. Niño na ang tunay na tunay na biyaya at saya ay makikita sa pamumuhay ng payak (*simplicity*) at pag-asa sa grasyang bigay ng Diyos (*dependence on God*). Ito ang hamon sa ating pamilya ngayon at ito ay magagawa lamang kung ito ay ating isasabuhay kasama ang buhay panalangin.

Tanong sa Pagninilay [babasahin ng isang kapamilya]

- Anong aspeto ng aming buhay-pamilya na masasabi naming kami ay namumuhay ng payak at umaasa sa Diyos?

- Bilang deboto ng Sto. Niño, paano ko naisasabuhay ang aking debosyon sa aking pakikipamuhay sa aking pamilya, kaibigan, at kaparokya?

[*Maaaring magkaroon ng pagbabahagi o sharing ang mga kasapi ng pamilya ng kanilang sagot sa isa sa mga tanong*]

Buhay-Katiwala (Stewardship)

[namumuno]

Ang isang katiwala ay namumuhay ng payak at umaasa sa biyayang bigay ng Diyos. Bagama't may mga hamon ang buhay, hindi natitinag ang isang katiwala na gawin ang maka-kristiyanong gawain dahil alam niya na ang Diyos ang bahalang magdulot sa kanyang pangangailangan.

Panalangin ng Pamilya [tatayo ang lahat]

Bilang pamilyang tinitipon ng Panginoon, tayo'y manalangin sa Diyos ng Kapayakan at Biyaya. Sa bawat panalangin ang ating itutugon:

Panginoon, pakinggan at pagpalain Mo kami

[Unang Kapamilya:]

Ang bawat miyembro ng aming pamilya nawa ay mamuhay sa grasya ng Diyos at hanapin ang Kanyang presensya araw-araw. Manalangin tayo:

Panginoon, pakinggan at pagpalain Mo kami

[Ikalawang Kapamilya:]

Maging sentro nawa ng aming pamilya ang pagsamba sa Eukaristiya tuwing Linggo at Piyestang Pangilin bilang pasasalamat sa Kanyang mga biyaya. Manalangin tayo:

Panginoon, pakinggan at pagpalain Mo kami

[Ikatlong Kapamilya:]

Ang komunidad ng ating Parokya nawa ay maging lugar ng kapayapaan at pagkakaisa sa pamamagitan ng pagiging

mapagkumbaba at maunawain sa bawat isa. Manalangin tayo:

Panginoon, pakinggan at pagpalain Mo kami

[Namumuno:]

Sa katahimikan, itaas natin ngayon ang mga intensyon para sa sarili at para sa pamilya [saglit na katahimikan] Manalangin tayo:

Panginoon, pakinggan at pagpalain Mo kami

[Namumuno:]

Sama-sama natin ngayong dasalin ang panalanging itinuro sa atin ng Panginoon.

[Lahat:] Ama namin...

Pangwakas na Panalangin [Lahat]

Panginoong Hesus, pagpalain mo ang bawat pamilyang nagtitipon sa iyong Salita. Amin nawang maisabuhay ang pagdiriwang ng iyong kapistahan bilang batang sanggol upang maging daluyan kami ng iyong biyaya at kapayapaan. Hinihiling naming ito sa pamamagitan ng iyong Pangalan. Amen.

✠ Sa Ngalan ng Ama...

Gawain ng Pamilya

Bilang isang komunidad o *cluster*, magbahagi ng *financial assistance* sa pinakamalapit ng *orphanage* sa inyong lugar.

DIYOSESIS NG SAN PABLO
**DALAW PATRON SA KAPITBAHAYANG
KATOLIKO (DPKK)**



Enero 23, 2022

**IKATLONG LINGGO SA KARANIWANG
PANAHOON (K)**

✠ Sa Ngalan ng Ama...

Pambungad na Panalangin [namumuno]
[tatayo ang lahat]

Diyos Amang makapangyarihan, ibinigay Mo sa amin ang Iyong Anak upang ituro sa amin ang landas ng pagsasabuhay ng iyong mga kautusan. Hiling namin na itulot mo din sa amin ang biyayang maging buhay na saksi sa pagpapalaganap ng iyong Salita. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo, kasama ng Espiritu Santo, magpasawalang hanggan. Amen.

Pagpapahayag ng Mabuting Balita ayon kay San Lucas [1, 1-4; 4, 14-21]

[Lahat:] Papuri sa Iyo, Panginoon.

Noong panahong iyon, bumalik si Hesus sa Galilea, at sumasakanya ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kumalat sa palibot na lupain ang balita tungkol sa kanya. Nagturo siya sa kanilang mga sinagoga; at dinakila siya ng lahat.

Umuwi si Hesus sa Nazaret na kanyang nilakhan. Gaya ng kanyang kinagawian, pumasok siya sa sinagoga nang Araw ng Pamamahinga. Tumindig siya upang bumasa; at ibinigay sa kanya ang aklat ni Propeta Isaias. Binuksan niya ang aklat sa dakong kinasusulatan ng ganito:

“Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita.

Sinugo niya ako upang ipahayag sa mga bihag na sila’y lalaya,
at sa mga bulag na sila’y makakikita;
upang bigyang-kaluwagan ang mga sinisiil,
at ipahayag ang pagliligtas na gagawin ng Panginoon.”

Nilulon niya ang kasulatan, at matapos isauli sa tagapaglingkod, siya’y naupo. Nakatitig sa kanya ang lahat ng nasa sinagoga. At sinabi niya sa kanila: “Natupad ngayon ang bahaging ito ng Kasulatan samantalang nakikinig kayo.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon
[Lahat:] Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Pagninilay [maaring umupo]

Isa sa hindi mawawalang gawain ng isang pamilya Pilipino tuwing linggo ay ang pagdalo sa Banal na Misa. Kahit sa gitna ng pandemya, marami pa ding pamilya ang sama-samang napunta sa Parokya upang magsimba. Maganda ang kaugaliang ito ngunit higit itong mas gaganda kung isasabuhay ng bawat pamilya ang mga pagbasang at homiliyang kanilang narinig.

Sa pagbabasa ni Hesus sa isang talata sa aklat ni Propeta Isaias, naipahayag Nya ang katuparan ng mga salitang iyon dahil *sinasabuhay* mismo ni Hesus ang Salita ng Diyos. Katulad ni Hesus, ang bawat pamilya ay inaanyayahan na isabuhay at isakatuparan ang Salita ng Diyos.

Tanong sa Pagninilay [babasahin ng isang kapamilya]

- Isang pamilya ba kaming nagsisimba tuwing linggo? Paano ko nahihikayat ang bawat isa na magsimba?
- Bilang isang Katoliko, paano ko naisasabuhay o naiisakatuparan ang mga *Sunday Mass Readings*? Magbigay ng konkretong halimbawa.

[Maaaring magkaroon ng pagbabahagi o sharing ang mga kasapi ng pamilya ng kanilang sagot sa isa sa mga tanong]

Buhay-Katiwala (Stewardship)

[namumuno]

Bilang isang Katolikong katiwala, inaasahan sa atin ang pagiging bukas sa mga mensahe ng Salita ng Diyos. Nakikita ng isang katiwala ang halaga ng pakikinig ng mabuti sa Salita at pagsasabuhay nito.

Panalangin ng Pamilya [tatayo ang lahat]

Manalangin tayo sa Panginoon at ating hilingin ang Kanyang Awa at Pagmamahal. Sa bawat panalangin ang ating itutugon:

*Panginoong Hesus, Sumaamin nawa ang
Espiritu Santo*

[Unang Kapamilya:]

Nawa ang bawat miyembro ng aming pamilya ay magkaroon ng galak at sigla sa tuwing kami ay dumadalo sa pagdiriwang ng Banal na Misa. Manalangin tayo:

*Panginoong Hesus, Sumaamin nawa ang
Espiritu Santo*

[Ikalawang Kapamilya:]

Nawa ay maunawaan namin bilang isang pamilya ang halaga ng pagsasabuhay at pagsasakatuparan ng Salita ng Diyos sa aming salita at gawa. Manalangin tayo:

*Panginoong Hesus, Sumaamin nawa ang
Espiritu Santo*

[Ikatlong Kapamilya:]

Nawa ang ating komunidad ay mabuklod ng Salita ng Diyos at ibahagi sa iba ang mensahe nito. Manalangin tayo:

*Panginoong Hesus, Sumaamin nawa ang
Espiritu Santo*

[Namumuno:]

Sa katahimikan, itaas natin ngayon ang mga intensyon para sa sarili at para sa pamilya [saglit na katahimikan] Manalangin tayo:

*Panginoong Hesus, Sumaamin nawa ang
Espiritu Santo*

[Namumuno:]

Sama-sama natin ngayong dasalin ang panalangin itinuro sa atin ng Panginoon.

[Lahat:] Ama namin...

Pangwakas na Panalangin [Lahat]

Hesus na aming Diyos at Panginoon, loobin mo pong lukuban kami ng iyong Espiritu Santo nang sa gayon ay matuto din kaming tagapagdala ng kapayapaan at kaginhawan sa iba. Ang Espiritu Santo nawa ay aming maging gabay sa aming pamilya. Hinihiling namin ito sa pamamagitan Mo, kasama ng Espiritu, Diyos magpakailanman. Amen.

✠ Sa Ngalan ng Ama...

Gawain ng Pamilya

Magsimba ng sama-sama at pumunta ng *maaga* sa Parokya (kung maari na) upang makapaghanda sa Banal na Misa.

o kaya'y

Magbahagi ng pagninilay sa isa sa mga *Sunday Readings* sa inyong *Facebook account*.

DIYOSESIS NG SAN PABLO
**DALAW PATRON SA KAPITBAHAYANG
KATOLIKO (DPKK)**



Enero 30, 2022

**IKAAPAT NG LINGGO SA KARANIWANG
PANAHOON (K)**

✠ Sa Ngalan ng Ama...

Pambungad na Panalangin [namumuno]
[tatayo ang lahat]

Walang Hanggang Ama, basbasan Mo kami bilang isang pamilya at turuan kaming maging malapit sa iyong mga Salita. Maging gabay nawa naming ang iyong mga utos upang sa gayon ay isang pamilya kaming makarating sa iyong Kaharian. Hinihiling naming ito sa pamamagitan ng Iyong Anak at ng Espiritu Santo, Diyos magpakailanman. Amen.

Pagpapahayag ng Mabuting Balita ayon kay San Lucas [4, 21-30]

[Lahat:] Papuri sa Iyo, Panginoon.

Noong panahong iyon, nagsalita si Hesus sa sinagoga: “Natupad ngayon ang bahaging ito ng Kasulatan samantalang nakikinig kayo.” Pinuri siya ng lahat, at namangha sila sa kanyang napakahusay na pananalita. “Hindi ba ito ang anak ni Jose?” tanong nila. Kaya sinabi ni Hesus, “Walang pagsalang babanggitin ninyo sa akin ang kawikaang ito: ‘Doktor gamutin mo ang iyong sarili!’ Sasabihin din ninyo sa akin, ‘Gawin mo naman sa iyong sariling bayan ang mga nabalitaan naming ginawa mo sa Capernaum.’” At nagpatuloy ng pagsasalita si Hesus, “Tandaan ninyo: walang propetang kinikilala sa kanyang sariling bayan. Ngunit sinasabi ko sa inyo: maraming babaing balo sa Israel noong kapanahunan ni Elias nang hindi umulan sa loob ng tatlong tao’t kalahati at

magkaroon ng matinding taggutom sa buong lupain. Subalit hindi sa kaninuman sa kanila pinapunta si Elias kundi sa isang babaing balo sa Sarepta, sa lupain ng Sidon. Sa dinami-dami ng mga ketongin sa Israel noong kapanahunan ni Eliseo, walang pinagaling isa man sa kanila; si Naaman pang taga-Siria ang pinagaling.” Galit na galit ang lahat ng nasa sinagoga nang marinig ito. Nagtindigan sila, at ipinagtabuyan siyang palabas, sa taluktok na burol na kinatatayuan ng bayan, upang ibulid sa bangin. Ngunit dumaan siya sa kalagitnaan nila at umalis.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon

[Lahat:] Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Pagninilay [maaring umupo]

Talamak ngayon sa *Facebook* ang mga *fake news* at kung minsan ang mga nilalaman nito ay paninira sa isang tao. Bagama’t *fake news*, marami pa rin ang nahuhumaling mag-*share* at mag-*comment* dahilang upang mas marami pa ang maniwala sa nilalaman nito. Gayundin naman, ang mga taong nagtatama sa mga mali ng *fake news* ay sila pa mismo ang nagiging masama sa marami. Ang katotohanang pinapahayag ay ayaw marinig ng mga nakakarami.

Sa linggong ito, nagpahayag din ng katotohanan si Hesus sa pamamagitan ng Salita ng Diyos ngunit marami ang nagalit sa kanya. Hindi nila matanggap na ang Salita ng Diyos ay nagsasabi ng katotohan sa kanila at ito ay masakit pakinggan. Sa ating pagdiriwang ng *National Bible Sunday*, ang bawat pamilyang Pilipino ay inaanyayahang maging tagapagpahayag ng katotohanan sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.

Tanong sa Pagninilay [babasahin ng isang kapamilya]

- Naging mapanuri ba ako sa aking binabasa, pino-*post* at *share* sa *Facebook* o nagiging dahilang ako ng pagkalat ng *fake news*?

- Anong magagandang hakbang ang pwedeng gawin ng aming pamilya upang magpahayag ng katotohanan (katulad ng kahalagahan ng pag-aalaga sa kasagraduhan ng buhay sa sinapupunan)?

[*Maaaring magkaroon ng pagbabahagi o sharing ang mga kasapi ng pamilya ng kanilang sagot sa isa sa mga tanong*]

Buhay-Katiwala (Stewardship)

[namumuno]

Ang isang mabuting katiwala ay walang takot na ipinapahayag ang katotohanan sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Hindi natatakot ang isang katiwala dahil alam niya na tanging katotohanan lamang ang kanyang sinasabi at pinapahayag.

Panalangin ng Pamilya [tatayo ang lahat]

Ating hilingin ngayon sa Panginoon ang katatagan ng loob at kasiglahang ipahayag ng katotohanan sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Sa bawat panalangin ang ating itutugon:

*Verbong Nagkatawang-Tao, Pakinggan
Mo kami!*

[Unang Kapamilya:]

Ang bawat isa sa aming pamilya nawa ay maging daan ng katotohanan at Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagiging mapanuri sa aming binabasa at binabahagi. Manalangin tayo:

*Verbong Nagkatawang-Tao, Pakinggan
Mo kami!*

[Ikalawang Kapamilya:]

Maging gabay nawa ng aming pamilya ang Salita ng Diyos at aming hangarin na maging sentro ang Salita ng Diyos ng aming pamilya na nagdudulot ng kapayapaan at pagmamahalan. Manalangin tayo:

*Verbong Nagkatawang-Tao, Pakinggan
Mo kami!*

[Ikatlong Kapamilya:]

Ang ating Parokya nawa ay maging sambayanang walang takot na nagpapahayag ng katotohanan sa aming pamayanang ginagalawan. Manalangin tayo:

*Verbong Nagkatawang-Tao, Pakinggan
Mo kami!*

[Namumuno:]

Sa katahimikan, itaas natin ngayon ang mga intensyon para sa sarili at para sa pamilya [saglit na katahimikan] Manalangin tayo:

*Verbong Nagkatawang-Tao, Pakinggan
Mo kami!*

[Namumuno:]

Sama-sama natin ngayong dasalin ang panalangin itinuro sa atin ng Panginoon.

[Lahat:] Ama namin...

Pangwakas na Panalangin [Lahat]

Diyos ng Katotohanan, aming pinagnilayan ngayon ang iyong Salita. Iyo nawang pagpalain ang bawat isa sa amin at gawin kaming mga saksi ng iyong mapagpanibagong katotohanan sa mundong ito. Ito ay aming hiling at dalangin sa pamamagitan ni Hesus na aming Panginoon, kasama ang Espiritu Santo, Diyos magpasawalang-hanggan. Amen.

✠ Sa Ngalan ng Ama...

Gawain ng Pamilya

Hikayatin na umanib ang pamilya o isang miyembro sa isang *Parish Organization*.

o kaya'y

Sa darating na Linggo, maghikayat ng mga bagong miyembro sa inyong DPKK *cluster* sa inyong pamayanan o parokyang kinabibilangan.